

Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Ano ang Aming Layunin?

Ang Aming Mithiin

Ang mithiin ng Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia ay isang Commonwealth kung saan ang mga taong Bingi, Mahina ang Pandinig, Isang taong lumaki na nakakaranig pero nabingi sa pagtanda (Late-Deafened), o Bingi-Bulag ay maaaring ganap na lumahok sa lahat ng aspeto ng buhay nang walang hadlang sa komunikasyon.

Ang Aming Misyon

Isinusulong ng Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia ang naa-access na komunikasyon upang ang mga taong Bingi at Mahina ang Pandinig ay maaaring ganap na makalahok sa mga programa, serbisyo, at oportunidad sa buong Commonwealth.



Virginia Department for the Deaf and Hard of Hearing

1602 Rolling Hills Drive, Suite 203
Henrico, VA 23229-5012

804-662-9502 o 800-552-7917 (Voice/TTY)
804-325-1290 (Videophone)
804-662-9718 (Fax)
info@vddhh.virginia.gov
www.vddhh.org
www.facebook.com/VDDHH

Tungkol sa VDDHH



Virginia Department for the Deaf and Hard of Hearing

Itinatag noong 1972



I-dial ang 7-1-1 upang Tumawag sa Virginia Relay Ngayon

O gamitin ang mga numero sa ibaba para direktang ma-access ang gusto mong opsyon sa pagtawag.

800-828-1120 (TTY)
800-828-1140 (Voice)
877-243-2823 (Serbisyo sa May Caption na Telepono)
866-221-6784 (Speech-To-Speech)
800-855-8220 (Speech-To-Speech na may Visual na Tulong)
800-855-8200 (Espanyol)

Pangangalaga sa Customer

866-894-4116 (Voice)
866-246-9300 (TTY)
402-694-5110 (Fax) varelay@hamiltonrelay.com



Tungkol sa Virginia Relay

www.varelay.org
www.facebook.com/VirginiaRelay

Pagpapahusay ng Komunikasyon sa Ating mga Komunidad



Commonwealth of Virginia



Ano ang Aming mga Alalahanin?

Hindi madaling matukoy ng publiko ang mga taong may pagkabingi at kung minsan ay hindi nila lubos na nauunawaan ang pagkabingi. Ang kakulangan ng pag-unawa ay maaaring magdulot ng mga maling akala at mga hadlang sa komunikasyon sa lahat ng aspeto ng araw-araw na buhay, kabilang ang:

- Maagang Pag-aaral
- Edukasyon
- Trabaho
- Medikal / Kalusugan ng Isip
- Pagpapatupad ng Batas / Legal / Mga Korte
- Negosyo
- Nonprofit
- Pamahalaan

Ang mga pederal na batas na nag-aatas ng pantay na oportunidad sa epektibong komunikasyon, kasama ang:

- Americans with Disabilities Act
- Rehabilitation Act of 1973
- Individuals with Disabilities Education Act

Gayunpaman, ang mga batas na ito ay kadalasang nakakaligtaan, at nananatili ang mga hadlang sa komunikasyon.

Sino ang Aming Pinaglilingkuran?

Ang pagkabingi ay naaapektuhan ang mga tao sa lahat ng edad—mula sa mga sanggol hanggang sa matatanda—nang walang pagsasaalang-alang sa kita, relihiyon, kaugnayan sa pulitika, lahi, etnisidad, o edukasyon.

Ang VDDHH ay nagsusumikap na matugunan ang magkakaibang pangangailangan ng mga taga-Virginia na may pagkabingi, kabilang ang mga:

- Bingi
- Mahina ang Pandinig
- Isang taong lumaki na nakakarinig pero nabingi sa pagtanda (Late-Deafened)
- Bingi-Bulag

Ang mga taong namumuhay na may pagkabingi ay nais na lubos na makilahok sa mundo sa kanilang paligid sa pamamagitan ng:

- Pagpapanatili ng mga koneksyon sa pamilya at mga kaibigan
- Pagbuo ng mga ugnayan sa mga kapitbahay at grupo
- Pakikipag-interact sa mga employer at kasamahan
- Pakikipag-ugnayan sa mga negosyo at mga propesyonal na serbisyo
- Pakikibahagi sa pangkalahatang publiko

Ang mga taong nakakarinig ngunit nahihirapang magsalita ay isang natatanging grupo. Madalas kinakaharap nila ang mga hadlang sa telecommunication, at nagsisikap ang VDDHH na matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

Ang VDDHH ay nakikipagtulungan sa mga ahensya ng pamahalaan, mga nonprofit, at mga pambansang organisasyon upang paglingkuran ang mga taong may pagkabingi.

Ano ang Ibinibigay Namin?

Ang aming mga serbisyo ay dinisenyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng aming mga komunidad at alisin ang mga hadlang sa komunikasyon.

Ang Virginia Relay ay pinapahintulutan ang mga taong may pagkabingi na makipag-ugnayan nang epektibo sa mga taong nakakarinig sa pamamagitan ng telecommunications.

Ang Tulong na Programa gamit ang Teknolohiya (Technology Assistance Program, TAP)


ay nagbibigay ng espesyal na kagamitan sa telecommunication sa mga kuwalipikadong aplikante, kabilang ang mga beterano.

Ang Interpreter Services Program (ISP) ay nagkokonekta sa iyo sa isang network ng mga kuwalipikadong interpreter ng sign language at nag-nangangasiwa ng mga kahilingan para sa mga interpreter at mga captioning service para sa mga pagpupulong o kaganapan ng pamahalaan ng estado at mga appointment sa korte.

Ang Virginia Quality Assurance Screening (VQAS) ay ina-assess at nagbibigay ng feedback sa mga interpreter upang mapahusay ang kanilang propesyonal na pag-unlad.

Kabilang sa mga Serbisyo sa Komunidad ang:

- Pagtugon sa mga kahilingan para sa impormasyon at mga referral sa mga paksang may kaugnayan sa pagkabingi
- Edukasyon at pagsasanay para sa mga ahensya ng pamahalaan at sa pangkalahatang publiko
- Teknikal na tulong upang matulungan ang mga organisasyon na makapagbigay ng epektibong komunikasyon at makatuwirang mga tulong
- Outreach upang isulong ang kamalayan ng publiko tungkol sa pagkabingi



Bisitahin ang www.vddhh.org para alamin pa at magsimula sa alinman sa aming mga programa.